

1

Isang nakakapanindig-balahibong alulong ng aso ang bumasag sa katahimikan ng dapit-hapon sa Baryo Tingib. Kasabay niyon ay ang panangis ng isang ina matapos sabihin ng albularyo na wala na ang anak nito. Tatlong beses na itong namamatayan ng anak. Malulusog ang sanggol, pero kaagad bumibigay ang katawan ng mga ito oras na magkasakit.

“Isang masamang pangitain!” anang albularyang si Kaka paglabas nito ng dampa. Nakaabang na sa pintuan ang ilang kamag-anak ng babae. “Isang masamang pangitain,” ulit nito.

Napakrus ang lahat. Bukod sa nararamdaman nilang lungkot, nilukuban din sila ng takot. Paano nangyaring halos taun-taon ay may namamatay sa kanilang pamilya?

“Ano sa tingin mo ang salot sa atin ngayon?” tanong ng kuya ng nanganak.

Tumingin ang matandang albularya sa mga mata ng nagtanong at ibinulong, “Hindi n’yo ba narinig? May amo na naman ang mansion sa tuktok ng burol! Dumating ang apo ni Leandro Alvarados!”

Napaawang ang mga labi ng matatanda habang napakunot naman ang noo ng mga nakababata. Pamilyar ang pangalan sa kanila dahil ang pamilyang iyon ang nagmamay-ari ng

karamihan sa malalawak na lupain sa labing-dalawang baryo sa kanilang bayan. Pero kahit kailan, wala silang nakita o nakilalang Alvarados sa kanilang lugar.

Siguro ay nakasalamuha minsan ng mga nalalabing matatanda sa Baryo Tingib ang panginoon ng lupa noong kabataan ng mga ito pero ayon sa kwento, bumalik sa España si Don Leandro nang dumating ang mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig kasama ang sanggol na anak nito. Namatay sa panganganak ang Filipinang ina ng bata. Hindi na kailanman bumalik pa ng Pilipinas ang mag-ama.

“Panginoon ko!” iyak ni Lola Idya, isa sa pinakamatanda sa baryo sa edad na siyamnayu’t siyam. “Huwag Mo kaming pabayaan sa oras na ito! Ilayo Mo sa kapahamakan ang lahat!”

“Bakit?” muling tanong ng kuya ng nanganak.

Nahihiwagaan ang lahat dahil sa tuwing mababanggit ang mga Alvarados ay nangingilabot ang matatanda.

“May mga nagsabing pinaalis si Alvarados sa España dahil sa uhaw niya sa dugo,” kwento ni Nanay Idya. “At dahil isa siyang dugong bughaw, hindi siya ipinapatay ng Reyna ng España, bagkus ipinadala lang sa Pilipinas para dito na magbago. Ngunit kailanman ay hindi siya nagbago! Kawawang mga Indio!”

“Uhaw sa dugo?” ulit ng lalaki. “Ibig sabihin...” Sa maliit na bulong ay ipinagpatuloy nito ang saloobin, “...isa siyang bampira?”

The Duke on the Hill - Sefah Mil

Nagulat ang lahat at sabay-sabay na muling napaantada nang minsan pang umalulong ang mga aso. Nagpaalam na ang karamihan para magsiuwi. Dahil walang kuryente sa baryo, kailangang magmadali ang mga ito kung ayaw nilang abutan ng dilim sa daan. At matapos ang usapang naganap, walang may balak na lumabas pa paglalim ng gabi.

Samantala, isang matangkad at may kapayatang babae ang nakatayo sa terasa ng mansion sa itaas ng burol at nakatanaw sa baryo sa ibaba. Maganda ang mukha nito, mala-porselana ang kutis at berde ang mga mata. Nililipad ng hangin ang suot nitong itim na sedang pantulog at ang mahaba at kulot nitong buhok na kulay pula.

“What a boring place,” sabi nito sa wikang Pranses sa matangkad na lalaking parang estatwang nakatayo sa tabi nito at nakatingin din sa baryo. Halata sa boses ng babae ang pagkabagot. Hindi nito gusto ang bagong lugar—ang Baryo Tingib, isa sa pinakamahihirap na baryo sa Pilipinas.

Matangos na ilong ang mababanaag sa silhuweto ng mukha ng lalaki sa dilim. Nang magbukas ito ng bibig para magsalita, walang emosyong mababakas sa mababa nitong boses. “I never asked you to come here.”

Hindi nakasagot ang babae. Padabog nitong tinalikuran ang lalaki at pumasok sa silid na iniilawan ng mga antigong candelabra.

Pangarap ni Maria Fe na makapagtapos ng kolehiyo, pero paano naman siya makakapag-aral kung ganito ang sitwasyon nila?

Naiwan siya at ang kanyang ate sa kanilang Lolo Oding nang mamatay ang kanilang ina noong dalawang taong gulang pa lamang siya. Ang matanda ang nagtaguyod sa kanila pero sapat lang ang kinikita nito bilang magsasaka para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan lalo na't iniwan din ng ate niya sa kanila ang anak nito sa pagkadalaga.

Valedictorian siya nang magtapos sa high school. Kung tutuusin, libre na sana ang tuition niya sa ilan sa kalapit na unibersidad dahil maaari siyang mag-apply ng scholarship. Ang problema ay ang iba niyang panggastos. Pero hindi pa naman huli ang lahat.

Dalawang taon na siyang nag-aalaga ng mga baka at kambing. Sa susunod na pasukan ay maibebenta na niya ang mga alagang hayop at plano niyang lumuwas ng Maynila para maghanap doon ng trabaho at makapag-ipon na rin ng pantustos sa kanyang pag-aaral.

Ipinapastol niya ang mga alaga sa ilog para makainom ng tubig nang masalubong ang kaibigang si Melrose. May dala itong pumpon ng bawang.

“Fe, nalagyan n’yo na ba ng mga panangga ang bahay n’yo?”

tanong ni Melrose. “May patay daw sa kabilang baryo ngayong araw.”

“Oo. Nilagyan na ni Lolo Oding ng bawang ang buong bahay namin,” sagot niya.

Iyon din ang dahilan kung bakit maingat siya ngayon. Dati-rati kung saan-saan niya pinapasuot ang mga alaga para mas madali silang makarating sa ilog at kung saan-saan din sila nakakaabot. Ngayon, ni hindi sila gaanong lumayo. Mas mabuti na ang maingat. Marami pa siyang pangarap sa buhay.

“Kuwento doon sa Barangay Hall, kung patuloy pa raw na may mamamatay, iaalay na daw sa bampira ang pinakamagandang dalaga sa nayon. Dati raw kasi nang mangyari ang ganito, inalay daw d’un sa don ang pinakamagandang babae nang panahong ’yun. Pagkatapos n’un natigil na daw ang pagsasalot ng Kastila.”

Pagkasabi niyon ay matagal siyang tinitigan ni Melrose na parang may gustong ipahiwatig. Tinabingan niya tuloy ng mahabang buhok ang mukha dahil sa nadamang pagkaasiwa. Kung sinasabi nitong baka siya ang ialay ay nagkakamali ito. Hindi siya maganda. Ang itim-itim niya kaya at payatot pa.

“Sige, mauna na ako. Ayaw kong magtagal sa labas ng bahay,” sabi ng kaibigan bago nagmadaling umalis.

Alas siete pa lamang ay pababa na ng mansion si Mang

The Duke on the Hill - Sefah Mil

Dikong, ang katiwala roon. Nang bumalik si Don Leandro sa España, inatasan nito ang lolo niya na maging katiwala ng mansion. Nang mamatay ang lolo niya, sa kanyang ama nalipat ang responsibilidad. At nang mamatay ang ama niya limang taon na ang nakakaraan, si Mang Dikong na ang naging tagapangalaga ng napakalaking bahay.

Hindi na muling bumalik si Don Leandro pero may dumarating na pera taon-taon mula sa España para sa pagmimintina sa mansion at suweldo na rin nila. Hindi huminto ang sustento kahit pa sa palagay nila ay wala na sa angkan nito ang babalik pa sa Pilipinas.

Iyon ay hanggang sa makatanggap siya ng sulat galing kay Adrian Stefane Roux-Galtour Alvarados, Duke of Allotia.

Ayon sa sulat, asahan daw ang pagdating ng representative nito para tingnan ang mansion. Nang dumating nga ang kinatawan tatlong buwan na ang nakakaraan, kinausap nito si Mang Dikong tungkol sa gustong pagpapaayos ng duke sa mansion. At noong isang buwan, dumating na ang batang duke, kasama ang nobya nitong si Antoinette, isang Pranses, at tulad ni Stefane ay isa ring dugong bughaw.

Dumerecho si Mang Dikong sa bahay ni Kapitana Delia Juan para muli itong imbitahin sa mansion. Ilang beses na niya itong pinuntahan ngunit hindi pa rin nito pinapaunlakan ang imbitasyon niya.

The Duke on the Hill - Sefah Mil

Pagdating niya sa bahay ng kapitana, naabutan niya itong nagpuputol ng dahon ng gabi para ipakain sa alagang baboy. Nang makita siya nito, halatang nabigla ang may katabaang babae.

“Kapitana, bakit hindi pa rin kayo pumupunta ng mansion?”

“Hay, naku, paprangkahin na kita, Dikong! Masyado kong mahal ang buhay ko para pumunta doon. Baka litsunin nila ako doon.”

“Naniwala naman kayo sa mga tsismis. Baka kung anong epidemya na ang nangyayari sa bayan natin, ’tapos ang amo ko na naman ang pagbibintangan n’yo. Bakit hindi kasi nila dinadala ang mga maysakit nila sa ospital, hindi iyong sa albularyo? Paano hindi mamamatay ’yan, eh, inuusukan lang naman sila n’ung albularyo kapalit ng bigas?”

“Eh, bakit kasi kung kelan dumating ang mga amo mo eh saka lang may nangamatay sa sakit dito? At hindi pa rin kasi nakakalimutan ng mga tao ang mga pinaggagawa ng dating don!”

“Tsismis lang nga ’yon!”

“Hindi! Kitang-kita ng lolo ko ang don na ’yon na—*basta!*”

Hindi na nakipagtalo pa si Mang Dikong. Nagpaalam na lang siya at pumunta sa kabilang baryo para kausapin ang ibang kapitan.

Ang totoo niyan, inimbitahan na rin niya ang mga ito sa mansion pero napakaraming rason ng mga ito at sa tuwina ay

The Duke on the Hill - Sefah Mil

tinatanggihan ang imbitasyon niya. Napagsabihan na rin niya ang mga ito dahil nagpapaniwala ang mga ito sa mga sabi-sabi. Bahala sila! Kapag nagalit ang amo niya, baka palayasin nito ang mga nasa nasasakupan ng lupa nito.

Bukas ay maaga pa siyang tutungo sa kapitolyo dahil iniutos ng duke na ayusin ang tungkol sa lupang gusto nitong bilhin kung di man ay rentahan.